IJAMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume 1, Issue 2, ISSN: 2782-893X

# Pagdalumat sa Iba't Ibang Awit at mga Chant na Ginagamit sa mga Lokal na Festival sa Nueva Caceres Tungo sa Pagbuo ng Kagamitang Panturo sa Filipino

**LEILANI B. BONITE**
Teacher II, Senior High School
Master of Arts in Filipino major in Language and Literature

## ABSTRACT

Nilakbay ang ganda ng panitikan ng Nueva Caceres sa pamamagitan ng pagsusuri ng awit at chant na umiiral sa mga festival ng mga distrito nito. Kalahok ang mga eksperto at mga mamamayang nakaalam sa mga kinaugalian ng bayan gayundin ang dulog na arkiteposa isang kuwalitatibong pag-aaral ay nabatid na may pagkakapareho ang mga piniling festival na sinasalamin ang kultura ng pamayanan. Nasuri sa festival na Lagaylay at Ilaw sa Dagat gamit ang simbolismo ang napapaloob na ugnayan ng liwanag at kaligtasan. Sa kabailang dako, mababatid ang papel ng isang babae: ang kaniyang kalakasan at punto ng kabinian sa festival ng Sta. Clara at Tinagba. At sa festival naman ng Tumatarok at Ilaw sa Dagat, nasuri ang malalim na kahalagahan ng kaisipan ng paglalakbay at tagumpay ng bayan. Upang mapahalagahan ang mga natuklasang ito, inilapat ito sa isang Big Book na magiging daan upang makarating sa mga kabataan ang mayamang kultura ng Nueva Caceres.

**KEYWORDS:** Awit at Chant, Festival, Nueva Caceres, Arkitepo, Kagamitang Panturo

## Panimula

Ang Pilipinas ay isang arkipelago na binubuo ng 7,107 na isla at sa mga pulong ito ay nanahan ang iba't ibang grupo at pangkat etniko sa bansa. Marami ng pagkakaiba ang tinataglay nila at hindi maipagkakaila ang pagkakaisa nila sa isang bagay, ang kultura. Ito ay kilala sa makukulay na tradisyon, paniniwala, pista, festival at marami pang iba na siyang nagsisilbing pagkakakilanlan ng isang lugar. Ayon kay Aterrado (2012), ang bawat siyudad o baryo ay mayroong kahit isa mang lokal na festival, ito ay kadalasang pag-alala sa kapistahan ng kanilang patron na palaging itinatampok saanmang panig ng bansa. Ito ay nagsilbing mahabang tradisyon ng bans ana nagpakita ng natatanging tatak bilang isang bansa na may mayamang tradisyong maipagmamalaki sa mundo.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Halos lahat ng lugar sa Pilipinas ay may panitikang maipagmamalaki. Ang panitikan ng Pilipinas ay ang kabuuan ng mga gawa na pasalita o nakasulat. Kung saan, naging daan ito upang maisalamin nito ang mga ipinagmamalaking kultura at tradisyon mayroon ang bansa. Wika ng ni Badayos (2011), ang kultura ay hindi lamang kabuhol ng wika maging ng panitikan. Maiuugat ang panitikan ng bansa sa pangkat-etnikong tradisyon, na binubuo ng mga pasalitang panitikan. Ang panitikang ito ay kakikitaan purong kultura ng mga katutubo at wala pang bahid ng lahing dayuhan. Sa pamamagitan nito, nagsimulang mabuo ang konsepto ng panitikan na ginagamit upang pumuri at magbigay ng masidhing damdamin tungo sa pinaniniwalaang kaugalian tulad ng pagsamba sa mga anito gayundin sa iba't ibang paniniwala ng pasasalamat dahil sa magagandang bagay tulad ng masaganang ani, mabuting uri ng pamumuhay at iba pa na inilapat nila sa awit at/o chant na ginawa ng mga ninuno. Sa aklat na sinulat nina Dayag (2018), sinasabing ang katutubong panitikan ay naging batayan sa pagbuo ng ilang rituwal bilang forma ng panitikang ito nang malapatan ng isang formal na pananampalataya ang mga Pilipino, ang Kristyanismo. Kung saan, ang mga ito ay ginagamit na rin sa dati nitong layunin ngunit nakasentro na sa pagpuri sa tiyak na Diyos at pagpapahayag ng kaugaliang sibiko.

Ang festival ay hindi lamang umiikot sa mga makukulay na kasuotan, maiingay na tugtugin at naggagandahang mga karo bagkus ito ay nagpapakita ng makulay na kultura at tradisyon ng isang lugar kung saan ito nagmula. Sa paglipas ng panahon, darating ang mga bagong henerasyon, maiimpluwesyahan ng bagong sikat at uso ang mga Pilipino at makakalimutan na nila ang ating kultura sa kabila ng katotohanang batid nila na ang kultura ay siyang lumilikha ng pagkakakilanlan ng Pilipinas, ang orihinal na kultura ay maihahalintulad sa isang kayamanan na dapat panatilihin, pangalagaan at ipagmalaki (Atterado, 2012). Ang Rehiyong Bicol, bilang isang nagging sentro ng pagbabago ng mga rituwal mula ng sakupin ng mga Espanyol at gawing isa sa mga sa pangunahing sentro ng pananampalatayang Kritsiyanismo na tinawag bilang Nueva Caceres noong 1595 (Wikipedia, n.d.) nabinubuo rin ng iba't ibang distrito, hindi pahuhuli sa mga rehiyong nagtataglay ng mga magagandang festival na dinarayo ng mga turista. Maliban sa tinaguriang sentro ng may malaking debosyon kay Sta. Maria, Ina ng Diyos, maraming iba pang mga festival ay kinawiwilihang ipagdiwang ng mga Pilipino na nagpapakita hindi lamang panrelihoyn kundi pansibiko rin sa kabila ng krisis sa ekonomiya dahil kaakibat nito ang pagdiriwang at pagbibigay halaga sa araw ng mga Santo/Santa na kanilang pinipintakasi (Lasarte 2010). Sa pagdiriwang mga festival na ito ay nakapagdaragdag ng kulay ang paggamit ng mga awit at chant na sumasalamin ng kultura at tradiyon ng mga tao sa pamayanan. Ayon sa Bantay Laya (2008) Kailangang pagandahin ang Bikolandia at huwag pabayaan ng gobyerno ito rin ang maaaring mag-angat sa Bikol sa pagkakilala ng ibat't ibang mga festival.

Kung kaya, sa pag-aaral na ito, mahalagang maunawaan ang kahalagahan ng mga lokal na festival na ito bilang isang midyum ng pagpapakita ng mga kaugalian at kulturang Bikolnon. Gayundin, sa pamamagitan ng paggamit ng pagdalimat ng awit at chant na ginagamit sa iba't ibang festival na ito, mapahalagahan ang papel ng panitikan upang mas lalong magpaunald ng kultura at lipunan. Sa pmamagitan din ng estruktura nito, maipapakita rin ang kahalagahan ng wika bilang

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume 1, Issue 2, ISSN: 2782-893X

isang maipluwensyang midyum sa pagbuo ng isang kaisipan na maaaring magbunsod sa mamamayan na mapahalagahan hindi lamang ang umiiral na festival kundi ang tintaglay na kultura ng pamayanan. Sa pamamagitan nito, matutulungan ang mga opisyal ng pamahalaan na matugunan ang pangangailangan ng pamyanan sa pagpapanatili at pagpapayabong ng festival maging ng kanilang tradisyon at kinaugalian sa tulong wika at panitikan alinsunod na rin sa itinakda ng ating konstitusyon 1986 (nabanggit din sa Gazette, 2018) Artikulo XIV- sec.24, "…preservation, enrichment and dynamic evolution of Filipino national culture". Bukod sa mga nabanggit na mga kadahilanan, mahalaga rin ang pag-aaral na ito upang mabigyan ng kamalayan ang mga mamamayan lalung-lalo na ang mga mga mag-aaral tungkol sa yaman ng panitikan ng sariling lugar upang tuluyan nilang makilala ang kanilang sariling kulturang kulturang kakambal ng ating lahi. Magsisilbi rin itong pagkunan ng lunsaran sa pagtuturo sa wika at panitikan sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pagpapaplanong pangkurikulum kung saan maaaring maisaalang-alang ang kahalagahan ng paglolokalisasyon ng mga kagamitang pampagkatuto sa paraan ng paggamit ng sariling kultura at wika. At para sa mga mananaliksik, ito ay magiging salalayan ng mas mainam na pag-aaral pa ng bayan ng Nueva Caceres sa lente ng wika at panitikan na tagalay ng makulay ng kultura at kinaugalian ng bayan ng Nueva Caceres.

## Pagsusuri ng mga Kaugnay na Literatura

Sinasabi nina Williams (2015), Aristotle (2015), Vasquez (2014) na may mga isinasaalang-alang na mga aspekto ang panitikan tulad na lamang ng sosyolohikal at mga sikolohikal na aspekto na nailalapat sa mambabasa at gayundin sa paraan na nakaapekto ang panitikan sa lipunang ginagalawan.

Isa ang festival sa bunga ng panitikan. Sa larangang ito, sinasabi ng mga pag-aaral nina Wilson (2016) at Winkle at Bueddefeld (2016) na ang lokasyon at kaganapan ng pagdiriwang ay mahalagang salik na nakapag-aambag sa pagsasakatuparan nito maging ang kultural na aspekto ng pagdiriwang ay lente ay mahalagang ambag upang mas lalong mapahalagahan ang pag-uugnay nito sa lipunang inagalawan.

Samantala, sinasabi rin naman nina Tanford at Jung (2017) na ang satisfaction ay mahalagang sangkap na dapat isaalang-alang sa pagpapahalaga ng ganitong uri ng panitikan kung saan ang epekto sa mga kalahok ay isang paraan upang maging makabuluhan ang pagdiriwang nito.

Sa kabila ng mga paghahalintulad at pagkakaiba ng mga natipong literature at pag-aaral, nilalayon nitong pag-ungnayin at palitawin ang mahalagang ambag ng awit at chat sa makabuluhang pagdiriwang ng isang festival kung saan napapakita nito ang ganda at yabong ng kultura ng lugar lalo na ng Nueva Caceres. Hindi lamang ang ibang salik kundi ang lente sa iba't ibang aspekto tulad ng pananampalataya at pansibikong salik.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

## Pamamaraan

Ang pagsusuring kuwalitatibo ang ginamit na pamamaraan sa pananaliksik sa tulong ng mga pangangalap ng mga nakatalang dokumento, Focus Group Discussion (FGD) at pakikipanayam. Ang kuwalitatibong pananaliksik bilang isang pangkalahatang disenyo ng pag-aaral, ayon kina McMillan at Schumacher, ay ang pabuod na proseso ng pagsasalansan ng mga datos tungo sa paglalapat ng mga kategorya at pagtukoy ng kaugnayan nito sa isa't isa. Dagdag pa nito, ito raw ay kombinasyon ng pagmamasid, pakikipanayam, at pagsusuri ng mga nakalap na dokumento (binanggit din ni Astalin, 2013). Ayon kay Mason (2013), sinasabing isa sa dulog ng pananaliksik na ito ay ang pagiging flexible at sensitbo sa panlipunang konteksto. Ginamit ang purposive sampling upang matukoy ang mga dapat na tumugon sa pag-aaral lalo na sa pagbibigay nitong kasipan, saloobin, o puna hinggil sa inihandang material ng pag-aaral. Gayundin, ang pagbibigay ng larawan sa kabuoan ng mga impormasyong kinakailangan sa pagdalumat ng kaugnayan ng awit at chant sa mayamang tradisyon at kultura ng pamayanan maging ng epekto nito sa mga mamamayan. Sa pagdalumat ng panitikan, gagamitin ang meta-analysis at sa lente ng sosyolohikal at kultural na pananaw.

### Mga Respondyente

Lahat ng mga respondyente ay magmumula sa napiling mga lugar mula sa limang distrito ng Nueva Caceres: Cabusao, Minalabac, Canaman, Tigaon, at mga lungsod ng Naga at Iriga na nasa ilalaim ng sumusunod na pamantayan: 1. may kinalaman sa lugar na pinangyayarihan ng festival gayundin; 2. may sapat na kaalaman sa awit at chant na ginagamit sa sa festival at; may kabatiran sa kaligiran ng festival at kaugnayan ng (mga) awit at chant na ginagamit hinggil dito. Bibigyang-katuturan ang mga tagapagtugon sa pag-aaral na ito bilang More Knowledgeable One (MKO) (ginamit batay sa teorya ni Vygotsky na binanggit sa pag-aaral ni Tiaba, 2020)

Sa bilang ng mga respondyente mula sa mga napiling lugar ng pagsasaliksik, mayroong 10 tagapagtugon: dalawang tagapagtugon mula sa Cabusao; 2 tapagatugon mula sa Minalabac; tigdalawang respondyente Canaman at Tigaon, at gayundin sa mga lungsod ng Iriga na 2 tagapagtugon.

Nakatuon ang pag-aaral sa mga tagapagtugon na mas may sapat na kaalaman na itinuturing bilang mahalagang bahagi ng pananaliksik na ito. Ayon nga kay Tiaba (2020), ang pagkakaroon ng isang More Knowledgeable One ay isang mabisang midyum para sa mas reliable na uri ng impormasyong makakalap upang malinang ang mas mataas na antas ng pag-iisip na kinakailangan sa pagsusuri ng mga datos. Kung saan, dagdag pa niya, malaki ang nagagawa nito upang maipakita ang papel ng kultura sa pagtamo ng ganitong tunguhin lalo pa sa mas malalim na pagdalumat ng mga baryabol na kinakailangan sa pagsasaliksik na ito. Kaya naman, pumili ang mananaliksik ng mga eksperto sa kultura, disiplina ng Filipino, at relihiyon upang makatulong sa pagsusuri ng datos.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

**Teknik Sa Pagsusuri Ng Datos**

Ginamit ang pagsusuri sa dulog na arkitaypal kasabay ng pagkilala ng paggamit din ng pagkilala ng kaligirang sosyolohikal at estruktural sa pagsusuri ng datos. Kung saan ayon sa nabanggit sa pag-aaral ni Pasco (2020), ang paggamit ng arkitaypal ay isang paraan ng pagkilala ng layunin at simbolismong nakapaloob sa isang panitikan kung saan ito ay nagbibigay ng makahulugang pagpapabatid sa mambabasa.

**Kagamitan Sa Pagkuha Ng Mga Datos**

Ginamit ang sumusunod na kagamitan sa pagkuha ng mga datos:

Talatanungan. Ang pangunahing kagamitan sa pagkuha ng mga datos ay ang talatanungan. Ito ay binuo ng mga tanong na may kaugnayan sa isinasagawang pag-aaral. Dahil sa isinasaalang-alang na disenyo ng pag-aaral, nakatuon ang mga tanong sa, “bakit?” at “paano?” na may kaugnayan sa konsepto ng pagdalumat ng awit at chant sa mga festival ng piling lugar ng Nueva Caceres.

Dyornal. Ang naging kagamitan sa pagsuri ng mga tugon mula sa isinagawang focus group discussion na may mas malalim na pag-unawa sa kategorya at coding ng mga tala ng kasagutan mula sa mga respondyente.

Pakikipanayam. Isinagawa ang pakikipanayam na upang madagdagan ang mga impormasyong kailangan at mabigyang linaw ang mga impormasyong kailangan at mabigyang linaw ang mga kasagutan sa talatanungan.

## Resulta at Pagtalakay

Pagsusuri Ng Mga Arkitepo Ng Awit At/O Chant Ng Mga Festival Ng Piling Lugar Ng Nueva Caceres

Inilalahad ng talahanayan 2 ang matrix ng aspekto ng paghahambing at pagsusuri ng mga arkitepong natukoy mula sa mga awit o chant na ginamit sa mga festival na umiiral sa mga piling distrito ng Nueva Caceres batay sa sumusunod na uri ng arkitepo: 1) Simbolismo; 2)Karakter; 3) Kalagayan:

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

**TALAHANAYAN 1**

**Paghahambing Ng Mga Arkitepo Ng Mga Awit At/ O Chant Sa Kaligiran At Katangian Ng Mga Festival Ng Piling Distrito Ng Nueva Caceres**

| URI NG ARKITAYP | FESTIVAL | ASPEKTO NG PAGSUSURI O PAGHAHAMBING MULA SA GINAMIT NA AWIT/CHANT |
|---|---|---|
| Simbolismo | *Ilaw sa Dagat* | Liwanag at Kaligtasan |
| | *Lagaylay* | |
| Karakter | *Sta. Clara* | Kadakilaan ng isang Babae |
| | *Tinagba* | |
| Kalagayan | *Tumatarok* | Paglalakbay at Tagumpay |

Simbolismo. Batay sa natukoy na mga festival at pagsusuri ng arkitepong nakapaloob sa awit o chant na ginagamit sa pagsasagawa ng festival, mababatid mula sa talahanayan na ang Ilaw sa Dagat at ang Lagaylay ay nagtataglay ng malapit na interpretasyon na gumagamit ng arkitepong nakapaloob sa simbolismo. Makikita mula sa inilalahad ng datos ng talahanayan na ang mga festival na ito ay masusuri sa aspekto ng kaugnayan ng liwanag at kaligtasan.

Ang Ilaw sa Dagat ay isang festival na isinasagawa sa lugar ng Barcelonita unang distrito ng probinsya ng Camarines Sur. Kung saan, ipinapakita ng mga dokumentong nakalap na ito ay pinatutungkol ng mga tagaroon ang pagdiriwang kay San Pascual Baylon na itinuturing ng mga residente bilang patron. Sa demograpikal na katangian ng Nueva Caceres, si San Pascual Baylon ay kadalasang patron na iniluluklok sa mga coastal area na mga lugar. Bukod sa lugar ng Cabusao, si San Pascual Baylon ay patron din ng Burias na matatagpuan naman sa probinsya ng Masbate. Sa pagdiriwang naman, lumabas sa mga datos na sa dagat ito karaniwang ipinagdiriwang ang mga papuri gamit ang mga kandila at mga panalangin sa anyo ng awitin bilang simbolo ng kanilang paggalang sa kanilang patron. Itinuturing din ng mga taga-Cabusao bilang malaking bahagi ang kanilang lokasyon sa kanilang ikinauunlad ng kanilang pinagkakakitaang hanapbuhay sa tulong na rin ng pamamagitan ni San Pascual Baylon. Mula sa paglalahat ng mga datos na nakalap, masasabing nasa kategorya ng panrelihiyon na pagdiriwang ang Ilaw sa Dagat Festival dahil na

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

rin sa malaking papel na ginagampanan ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng santo lalo na si San Pascual Baylon sa pananaw ng mga taga-Cabusao. Subalit, mababatid din sa mga datos ang malaking pagtanaw ng pagpapahalaga ng mga taga-Cabusao sa kanilang demograpikal na lokasyon ng kanilang lugar bilang isang malaking salik din ng patuloy na ikinatatagumpay ng kanilang pamumuhay. Kung saan, ang dagat ay mahalagang bahagi ng kanilang pag-unlad bilang isang pamayanan. Kung kaya, isinasaalang-alang nila ang dagat bilang pangunahing instrument ng pagpapatibay ng kanilang pananampalataya at paraan ng pagpapasalamat sa Diyos sa tulong ng kanilang matibay na pagkapit sa tulong ni San Pascual Baylon. Kaya naman, tunay na magkaugnay hindi mailalayo ang lokasyon ng lugar sa pagbuo ng pagpupuri at pagpapatibay ng pananampalataya ng isang pamayanan. Sa kabilang banda ng pagsusuri, masasabing ang Lagaylay naman ay Isang festival na madalas ipagdiwang sa lugar ng Canaman sa probinsya ng Camarines Sur; ikatlong distrito. Festival itong karaniwang iniuugnay sa pagsamba at pagpugay sa Mahal na Kruz na nagpapabatid ng pag-alaala ng pagkakatagpo ni Reyna Elena sa Kruz ni Hesukristo na napanatiling katutubong kultura ng mga taga-Canaman sa mahabang panahon bilang isang makalumang tradisyong mayaman sa pananampalataya. Batay sa mga dokumento, isinasagawa rin ito mula ikatlo hanggang ikalabing-isa ng Mayo kung saan ang Lagaylay ay panawag sa debosyon ng mga taga-Canaman na naglalaman ng mga serye ng mga panalangin na inaawit at sinasayaw na nagsimula bago pa man ang 1858. Ayon na rin sa datos, kahalintulad din nito ang isang katutubong paniniwala bago pa man ang opisyal na pananakop ng mga Espanyol na kung tawaging, Halea na isang awit at sayaw na inuulayaw ang buwan. Maliban dito, isa itong pagdiriwang kung saan isinasagawa ang panhapit o panhardin bilang bahagi palatuntunan subalit ang Banal na Misa ang pinakasentro ng pagdiriwang ng Lagaylay. Masusuri din ang isang malalim na impluwensya ng pananampalataya sa paniniwala at tradisyon na nagbunga ng isang nakarelihiyong anyo ng pagdiriwang. Masasabing mahalaga ang kinagisnang tradisyon at kulturang ito bilang bahagi ng kanilang pamumuhay ng mga taga-Canaman dahil sa tagal na pagsasagawa nito. Masyadong naimpluwensyahan ng relihiyong Kristiyanismo-Katoliko ang mga pamumuhay ng mga tagaroon lalo na ang pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng paniniwala sa Krus bilang simbolo ng kaligtasan at pamamagitan sa Diyos. Kung kaya, ang pagdiriwang ng isang festival ay masasabing nakasalalay sa tibay ng pananaw at paniniwala ng mga tao sa pamayanan: na ang pananaw na ito ay nakapagpapanatili ng paraan pagapapayabong ng isang tradisyon at kultura at nakaapekto sa kanilang pamumuhay. Sa kabuoan, masasabing nasa panrelihiyong kategorya ang Lagaylay festival.

Pagdating naman sa awit, ang Ilaw sa Dagat ay naglalaman ng gozos na kinakanta tuwing ipinagdiriwang ang Ilaw sa Dagat festival na matatagpuan sa lugar ng unang distrito ng Camarines Sur sa Cabusao. Batay sa inilalahad ng datos matapos ang masusing pag-unawa ng teskto mula sa itinuturing na more knowledgable one ng pag-aaral na ito na si Rev. Padre John Gabon, Kura Paroko ng San Pascual Baylon, ang estruktura ng awit ay may pangkalahatang tema ng papuri sa Diyos kasabay na rin ng pamimintakasi sa patron ng lugar na si San Pascual Baylon. Inilalahad din ng mga berso ng awit na ito ang katangiang taglay ni San Pascual Baylon bilang isang mapaghimalang santo dahil sa kaniyang mainding debosyon sa Banal na Eukaristiya na itinuturing

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

bilang kakanong langitnon o "banal na pagkain." Dagdag pa rito ang katangian ng kaniyang pagiging misyonerong Fransiskano na nabuhay sa isang marukha ngunit mapakumbabang pamumuhay na siyang naging kagalakan ng Diyos upang maging tagapamagitan siya ng mga mapaghimalang pagpapala mula sa Diyos. Kakikitaan din ng katangian mula sa pagkakabuo sa awit ang matinding pananalig ng mga deboto kay San Pascual Baylon bilang kanilang tagapagsanggala sa panganib at tagapagmagitan ng mga biyaya mula sa Diyos lalo na sa kanilang hanapbuhay. Sa responsorio o tugon ng awit inilalahad na sa pananalig sa eukaristiya makakamtan ang lahat ng mga kahilingan o panalanging idinudulog sa Diyos sa pamamagitan ni San Pascual Baylon. Masusuri ang awit sa simbolismo ng festival bilang isang liwanag si San Pascual Baylon sa relihiyong Katolisismo. Siya mismo ay isa sa mabisang nagiging tagapamagitan ng mga taga-Cabusao sa Diyos hindi lamang sa kani-kanilang personal na mga panalangin sa Diyos maging inaasahan sa ikauunlad ng kanilang pamumuhay. Ang ilaw na ito ang nagsilbing simbolo ng matinding pananalig nila kay San Pascual Baylon at ang pagpapatindi ng kanilang mataimtim na pagpapayabong ng kanilang pananampalataya sa Diyos. Hindi rin maikakaila ang 'dilim' na pinagdadaanan ng bayan ng Cabusao sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay kaya naman isa sa mga kinakapitan nila ay ang tulong ng kanilang patron. Ayon sa isa sa mga nakapanayam, may mga pagkakataon na nagkakaroon ng mga suliranin sa kanilang pangunahing pinagkukunan ng hanapbuhay ay pangingisda at sa kanilang matinding pagdedebosyon ay agarang dumarating naman sa iba't ibang pamamaraan solusyon na kanila naming pinaniniwalaang tugon ni San Pascual sa kanilang pananalangin. Kaya naman, ang festival na Ilaw sa Dagat ay nasasalamin ang matinding pananampalataya ng mga mamamayan ng Cabusao sa Diyos lalo na ang kultura ng paniniwala sa tulong mga santo bilang ilaw upang makamtan ang hinaing at dalangin. Mababatid na ang mahalaga ang ilaw sa pagsusuri ng nakapaloob ng awitin upang ipakita ang matinding impluwensya ng relihiyong Kristiyanismo- Katoliko bilang tagapag-ultanan ng mga biyayang makalangit. Kung saan sa katangiang ipinapakita ng santo, lalo na ng patron ng isang lugar ay minamarapat na tularan upang maging istrumento pa ito ng isang mabungang pamamanata at pagdedebosyon. Batid sa awit na itinuturing ang relihiyon bilang isang malaking salik upang ang pagtugon sa panalangin lalo na pagdating sa ikinabubuhay ng lugar at kaligtasan mula sa peligro o panganib ay makamtan. Masusuring ang Ilaw sa Dagat festival na namamayani ang pagkarelihiyoso ng paraan ng pagdiriwang ay hindi pa rin naiwawaglit na ang pagsasagawa nito ay nalalahukan pa rin ng intensyong maipabatid ang patuloy na pagnanais na maingatan ang pansibikong pamumuhay ng mga taga-Cabusao. Ipinababatid din na ang pagsasagwa ng festival na Ilaw sa Dagat ay pagyabong ng pamumuhay sa lugar ay nakasalig sa probidensya ng Diyos. Sa kabilang banda ng pagsusuri, Ito ay isang makarelihiyong awit na naglalaman ng mga berso na madalas kinakanta at sinasayaw upang ipakita ang debosyon sa Banal na Kruz ng mga taga-Canaman ng ikatlong distrito ng probinsya ng Camarines Sur. Mula sa legal na dokumentasyon ng awit, may animna bahagi ang pagsasagawa ng awit ng Lagaylay. Sa unang bahagi na tinatawag na Timbaco, ipinapakita ng mga berso ang pagpupuri at pagpupugay sa Banal na Kruz kung saan, inialay ni Sta. Elena ang mga intensyon at mga petisyon sa Diyos sa tulong ng Mahal na Inang Birhen Maria at ang pag-awit ng alavacion upang purihin ang Diyos. Sa Duyag na itinuturing

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

bilang ikalawang bahagi ng awit, inilalahad ng berso ang matagumpay na pagkakahanap ng Kruz ni Sta. Elena. Sa ikatlong bahagi kung saan ang pag-aalay ng korona na nagpapahiwatig ng kapakumbabaan, katapatan, at pagmamahal sa Kruz na handang isuko ang kapangyarihan at yaman para sa kaluwalhatian ng Diyos na mga katangiang dapat taglayin ng isang tunay na Kristiyano. Sa ikaapat na bahagi ipinapakita naman ang pag-alaala sa matinding paghihirap ni Hesukristo para sa kaligtasan ng santinakpan. Inilalahad din sa ikalimang bahagi ang koronasyon kay Sta. Elena na nararapat sa mataas na pagkilala dahil sa kaniyang matinding pananampalataya at dakilang gawa sa paghahanap sa Banal na Kruz. At sa huling bahagi ng awit na tinatawag na Danza, ito ang pag-aalay ng mga bulaklak at pag-awit ng mga papuri upang ipahayag ang kagalakan sa pagkakaligtas ng sansinukob sa kasalanan at pagluwahati sa tagumpay ng Panginoon, at ang masayang paghihintay sa Kaharian ng Diyos.

Masasabi batay sa datos na ang awit ng Lagaylay ay purong makarelihiyon ang nilalaman at pagkakabuo nito. Kung saan, ipinapakita ang malalim na pananampalataya sa Diyos at ang gawa ng kaligtasan ng Panginoon na inaalala sa lahat ng bahagi ng awit. Dagdag pa rito, ang papel ni Sta. Maria, Ina ng Diyos bilang tagapamagitan ng lahat ng biyaya. Mula sa pagsusuri ng piling berso ng awit, mababatid ang mahalagang papel ng isang babae sa likod ng kaligtasan ng sanlibutan. Gayundin, ang pagpapakita ng katatagan at kasigasigan ng isang babae upang ipalaganap ang kaligtasang natamo sa katauhan ni Sta. Elena bilang nagpasimuno ng paghahanap at pagkakatagpo ng Kruz ay nabatid din sa kabuoan ng awit. Dahil dito mababatid ang isang makafeminismong pananaw sa pagbibigay-fokus sa pagdiriwang ng Lagaylay bilang isang festival. Sa katangian nitong lumilitaw sa makarelihiyong aspekto, hindi naisasantabi ang mahalagang papel ng kababaihan para sa kulturang ipinagdiriwang na magpahanggang ngayon ay nananatili sa lugar ng Canaman. Sa kabuoan, ang malalim na pananalig at pag-asa sa kalooban ng Diyos dahil sa gawang kaligtasan Niya ang siyang nangingibabaw na ugnayan upang manatiling mayabong ang Lagaylay Festival. Masasabi rin sa makahulugang aspekto ng pagsusuri na ang Krus bilang isang simbolo ng pananampalatayang Kristiyano-Katoliko na kumakatawan bilang kamatayan. Ito ay isang kilalang simbolo ng Krus bilang isang tanda ng paghihirap at matinding pasakit ng Panginoong Hesukristo. Ngunit sa kabilang banda, naging kasangkapan ang Krus bilang tanda ng kaligtasan at pag-asa para sa sansinukob. Ang kamatayang naging dahilan upang matapos ang pagiging tao ng Diyos ay siyang naging tanging paraan upang maipahayag ang Kaniyang pagka-Diyos na iniwan sa pamamagitan ng Krus kung saan naging kagalingan sa 'sakit' kapuwa pangkatawan at kaluluwa dulot ng kasalanan. Dahil dito naging tagumpay ito laban sa kasalanang dulot ng kasalanang orihinal na ginawa ng mga pinaniniwalaang unang magulang ng tao. Kaya sa awiting ipinababatid ng Lagaylay, malaki ang bahagi ni Birhen Maria sa pagsasakatawang-tao ng Diyos upang mamatay sa Krus at magbigay ng kaligtasan sa sangkatuhan.

Sa ipinapakitang aspekto ng kaligiran ng festival bilang nag-ugat sa isang makarelihiyong uri ng pagdiriwang na umiiral sa Nueva Caceres, dito rin mababatid ang aspekto ng pagkakapareho ng simboismong nakuha mula sa awit na ginamit sa mga festival na ito. Masusuri na ang pag-asang kinakatawan ng liwanag ay isang simbolo na nagpapabatid ng isang

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

malayuning pagpapakita na ang kahalagahan ng matinding pagkapit sa Diyos at pagtitiwala sa Kaniyang kakayahan bilang tagapagbigay ng mga biyaya sa anomang kinakailangan ng mga nagtitiwalang tao. Sa simbolong ito, mababakas ang isang maigting na kaugnayan nito sa konsepto ng kaligtasan. Kung saan, ang matinding pagtitiwala ay maaaring magdulot ng kinahinatnan ng kaligtasan ang tanglaw na nakikita ng mga tao sa kadakilaaan ng Diyos dahil sa pag-asang ipinababatid niya sa pamamagitan ng Kaniyang mga santo maging sa kabutihang taglay na nilalahok nito sa pagtugon sa mga panalangin ng mga mananampalataya. Sa kalagayan ng Ilaw sa Dagat bilang festival, mababatid na mahalaga ang papel ni San Pascual bilang tagapamagitan dahil sa mabisang pananalangin niya sa Diyos upang tugunan ang mga panalangin na siyang nag-aalis ng dilim sa kinahaharap na suliranin sa buhay o sa uri ng pamumuhay mayroon ang mananampalataya. Sa konteksto naman ng Lagaylay sa katauhan ng mananampalatayang si Sta. Elena na maging tagapamagitan upang makamit ang pagtugon ng kagalingan at maipamalas ang luwalhati ng Diyos sa pamamagitan ng Krus na ang dulot din ay kaligtasan. Sa madaling sabi, sa pamamagitan ng palaugnayang pagpapakita ng matinding pananampalataya sa Diyos ay nakakamtan ang pinakalayunin ng patuloy na paghahanap at paghahangad ng liwanag na makapagdadala sa pagkamit ng kaligtasan. Kaya, gamit ang simbolismo ng liwanag at kaligtasan ay naipakita ang isang kaugalian ng isang Bikolano bilang isang mananampalatayang Kristiyano na isinasabuhay ang turo ng simbahan na may matinding damdamin sa pagsasabuhay nito na nananalig sa Poong Maykapal upang makamtan ang kaligtasan walang hanggan.

Ito ay pinatutunayan ayon sa sinasabing turo ng Simbahang Katolika sa batas nito na kung tawagin ay Canon Law na binaggit din ni Baudin (2013), ang pagnanalig ay isang tanda ng pagsasabuhay ng kaligtasan ng mananampalataya. Gayundin ang sinasabing turo sa Bibliya na mababatid sa nobena ng Jesus Nazareno (2016), hindi maiaalis sa paghahanap ng liwanag ang Krus. Sapagkat, dito mababatid ang tunay na sakripisyo at ang kaligtasang walang hanggan.

Karakter. Sa ipinababatid ng mga datos, makikita na ang festival ng Sta. Clara at Tinagba na masusuri sa pagpapakahulugan ng nabatid na arkitepo sa konsepto ng pagiging dakila ng mga babae.

Isang pagdiriwang ang Sta.Clara na matatagpuan sa ikaapat na distrito ng Camarines Sur sa lugar ng Tigaon. Kung saan, ang pagdiriwang na ito ay nakatuon sa matinding debosyon ng mga mamamayan ng Tigaon kay Sta. Clara ng Assisi, isang madre na sinikap na ihalintulad ang kaniyang naging banal na buhay kay San Fransisco ng Assisi na may matinding debosyon sa Banal na Eukaristiya (ang katawan at dugo ni Hesukristo) bilang panangga laban sa mga nakaambang panganib ng kanilang kapanahunan. Gayundin, namuhay ang kanilang grupo ng payak at puno ng kababaang-loob. Kilala rin ang santang ito bilang tagapamagitan sa mga hindi magkaanak. Kaya naman, tuwing ipinagdiriwang ang festival na ito, ang mga deboto ay sumasayaw ayon sa saliw ng musika at awit upang matugunan ang kanilang kahilingan. Batay na rin sa datos, dahil sa kababaang-loob na ipinapakita ng santang si Clara, ipinanagkakaloob din sa kaniya ang mga kahilingan ng kagalingan ng mga sakit hindi lamang katawan pati na rin ng kaluluwa. Mula sa inilalahad na pagsusuri mga pag-uugnay ng mga datos, mapapansin ang matinding pananalig sa

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

pananampalatayang Katolisismo. Mapapansin na ang pagpili ng isang babaeng patron sa gitna sa kabila ng paternalismong namamayani sa relihiyong Katolisismo. Kung saan, angat ang mga lalaki at suporta lamang ang papel na ginagampanan ng mga babae. Kung kaya, ipinapakita rin lamang na ang mabuting katangian ng isang indibiduwal upang maging batayan ng pag-asa at huwaran sa kung ano ang dapat isabuhay ng isang mamamayan. Ngunit, Isang pagdiriwang na matatagpuan sa ikalimang distrito ng Camarines Sur sa lugar ng Iriga sa bahagi ng Rinconda ang Tinagba. Mula ito sa salitang, Tinagba na nangangahulugang, "alay" at "abundant o kasaganahan", minabuting buhayin sa simula ng dekada 70 ni Jose Calleja Reyes, isang mahusay na abogadong Irigueño at negosyante ang pagdiriwang nito upang maipakita ang makalumang tradisyon ng pasasalamat ng mga Bikolano sa kasaganahang natatamasa ng bayan. Maliban dito, binigyang-buhay muli ang Tinagba festival bilang isang pamamaraan ng pagpapakita ng interes ni Reyes sa lokal na kasaysayan at kultura ng Bikol at ang kaniyang personal na debosyon sa Mahal na Ina sa ilalim ng pangalang, Mahal na Birhen ng Lourdes. Kaya naman, ipinagdiriwang ito tuwing kafiestahan ng Mahal na Inang Lourdes kaysa sa orihinal nitong tala sa kasaysayan na tuwing Corpus Christi o ang fiesta ng Banal na Katawan at Dugo ni Hesukristo. Gayundin, naging hudyat ito ng isang panturismong atraksiyon ng lugar ng Iriga at bilang isang kasangkapan upang makabuo ng isang marketing strategy para sa mga negosyong hotel ni Reyes. Sa pagsisimulang isinagawa ni Reyes batay sa tala ng datos, nagkakaroon ng isang hilerang parada sa kalye ng mga kalabaw na may pababa na mga tinagba ng mga magsasaka na dinadala sa paanan ng imahen ng Mahal na Birhen ng Lourdes sa groto ayon na rin sa hudyat ng pagpalo ng isang kahoy na gong, ang patong na tinatapos sa isang Banal na Misa kung saan binabasbasan ng pari ang mga tinagba at iniuuwi sa kaniya-kaniyang tahanan o dili kaya naman, ibinabahagi sa mga pagamutan at mga ampunan ang mga ito bilang tanda rin ng kawanggawa. Dahil sa patuloy na pagtangkilik sa nasimulan ni Reyes, ang tinagba ay naging mabisang paraan upang makilala pa ang bayan ng Iriga sa larangan ng turismo. Kaya naman, mas pinaunlad pa ang pagdiriwang na ito ng mga umupong pamamahala ng lugar sa Iriga lalo na ang angkan ng Alfelor. Mula sa inilahad na datos, mababatid na ang isang pagdiriwang ng festival ay kinalalahukan ng isang pakay upang maging instrumento ng isang resulta. Hindi lamang sa paraan ng pinagmulan nito o maging ang impluwensyang nakadudulot upang ipagdiwang ang isang festival bilang bahagi ng pamayanan. Bagkus, ito ay maaaring maging isang tanda ng personal na motibo bago pampamayanan. Masusuring ang festival ay isang benepisyo personal at pampamayanan. Nagagamit upang magsilbing instrumento upang maging kapakipakinabang sa personal na interes ng isang mamamayan sa kaniyang kasaysayan, kultura, at maging pinagkakaabalahan na pag-unlad tungo sa pag-agapay ng paglulunsad ng 'mukha' ng isang pamayanan at makapagdulot ng pag-unlad nito. Isang malaking bahagi ang pagkilala at kamalayan sa umiiral na kultura sa kasaysayan nang sa gayon makatulong sa pag-unlad ng isang pamayanan. Kaya masasabing ang paraan ng pansibikong pagdiriwang ng Tinagba ay nakapagdudulot ng pag-unlad ng bayan ng Iriga.

Kung sa awit na ginagamit sa pagdiriwang, mula sa ipinapakita ng awit kay Sta. Clara ng Assisi ay inilalahad ang sa tatlong bahagi ayon sa temang nabatid ni Reb. Padre Francisco P. Parza III, pari at mamamayan ng lugar ng Tigaon ay papuri, pagtulad, at pagsusumamo. Sa unang bahagi,

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

inilalahad ng estruktura ng awit ang pagkilala ng katungkulan ng santa upang mapuri ang Diyos dahil sa walang hanggang nitong awa at pagpapala sa tao sa pamamagitan ng pananalangin ng isang patron. Inilalahad sa ikalawang bahagi ang pagpapakita ng mga magandang katangian ng santa tulad ng kababaang-loob at matinding pagtitiwala sa Diyos upang matularan ng mga deboto. At, ipinapakita naman ang pagsusumamo sa ikatlong tema ng awitin na naglalahad ng matinding pananalig sa kakayahan ng santang si Clara upang mamagitan sa mga hinaing at kahilingan ng kaniyang mga deboto. Mula rito, masusuri na ang lumutang sa awitin ang katangian ng espirtituwalidad ng pananampalatayang Kaatolisismo. Masasabing mahalaga ang papel na ginagampanan ng patron sa pananamapalataya lalo na pagdating sa pakikipag-ugnayan ng tao sa Diyos. Mababatid ang kagandahang-asal ng pagtutuwang upang maipakita ang pagsusumikap sa pagtamo ng biyaya mula sa Diyos. Nagsilbing salamin ng mabuting pag-uugali na dapat tularan mula sa isang patron ang awit na maaaring taglayin ng isang deboto ng Diyos at mamayan ng isang lugar. Samantala, Ang maikling chant na ginagamit ng mga tagalungsod ng Iriga sa ikalimang distrito ng Nueva Caceres ay nahahati sa dalawang bahagi. Batay na rin sa transkripsyon na isinagawa ni Shrilan Bonacua, puno ng tanggapang panturismo ng lungsod ng Iriga at isang mananaliksik, nahahati sa dalawang bahagi ang chant na paulit-ulit na inuusal sa isinasagawang parade bilang bahagi ng pagdiriwang ng Tinagba festival. Sa unang bahagi ang layuning manghikayat ng mga tao na dumayo sa lungsod ng Iriga. At sa ikalawang bahagi ng chant, ipinapakita naman ang pagsusumamo ng pagtanggap ng mga alay ng pasasalamat ng mga tao sa debosyong kaloob sa Mahal na Inang Maria. Kapuwa naman ang mga bersong ito ay ginagamitan ng mga salitang, Ave Maria! Isang pagbati na ibig sabihin ay “Aba Maria!” na ginamit ng Anghel Gabriel nang batiin niya si Sta. Maria. Masusuri sa pagkakabuo ng chant na ginagamit sa pagdiriwang ng Tinagba festival na maikli ngunit makahulugang mensaheng nais isalamin sa mga tagapagdalo ng pagdiriwang. Binibigyang-pahiwatig ng matinding panghikayat ng bawat salita ng pagdalo sa pagdiriwang ang pagpapalakas ng turismo ng lungsod at pagpapakita ng kakayahan ng Iriga bilang isang masagana at maunlad na lungsod ng Caceres. Hindi lamang ang kasaganaang materyal kundi ang kaugalian ng isang Irigueño bilang isang mapagpasalamat na mamamayan lalo na sa Maykapal. Dagdag pa rito ang malalim na pagtalima at pagmamahal sa Birheng Maria at pagkilala sa kaniyang dakilang pamamagitan sa mga biyayang nakakamtan ng pamayanan. Kaya naman, malaking bahagi ng maikling chant ng festival ang pagbati kay Sta. Maria bilang instrumento ng pagpapasalamat sa Diyos. Masasalamin sa nasabing berso ng chant ang malaking kaugnayan ng debosyon sa masayang pagdiriwang ng festival na hindi naiwawaglit na ito ay bahagi ng pagpapalawak ng koneksyon ng turismo ng lungsod bilang pinakapakay ng pagdiriwang na ito.

Kaya naman Sa ipanababatid ng mga datos, makikita na ang festival ng Sta. Clara at Tinagba na masusuri sa pagpapakahulugan ng nabatid na arkitepo sa konsepto ng pagiging dakila ng mga babae. Liban sa taglay nitong kaligiran kung saan mababatid ang pagkakaiba ng dalawang festival na ang Sta. Clara bilang isang makarelihiyong pagdiriwang samantalang ang Tinagba naman ay naglalayon ng isang pansibikong panghihikayat ng panturismong tunguhin sa pamamagitan ng pananampalataya sa tulong ng Birhen Maria ay nagbunsod ito upang masuri ang

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

isang konsepto ng pagiging isang babae sa malaking pananagutang maipahayag ang kani-kanilang larangan upang makamit ang kadakilaang mababatid sa kani-kanilang katauhan. Sa katauhan ni Sta. Clara bilang isang simple at mapakumbabang babae, masusuri na sa pamamagitan ng kaniyang matinding pagmamahal sa Diyos sa mataimtim na pananalangin at pagtulong sa mga nangangailangan ay nagig dakila siya sa mata ni Diyos at naging isang malaking Simbahang-Katolika. Kung kaya, ipinapakita lamang ang isang semantikang kabalintunaan ng salitang dakila. Sa konteksto ng festival na ito, nagpapabatid na ang kadakilaan ay isang salita na maaaring maiugnay din sa kasarian ng babae sa gitna ng isang patriarkang konteksto ng lipunan kung saan natatamo hindi lamang sa paggawa ng malaking bagay kundi ng payak at mabubuting gawa na nagiging dakila sa mata ng dakilang Maylikha. Sa konteksto naman ng festival ng Tinagba kung saan mababatid sa chant na ginagamit ang paulit-ulit na pagsambit ng papuri sa Mahal na Birhen Maria bilang isang babaeng tanyag at dakila sa pananampalatayang Kristiyano dahil sa katangiang ipinagkaloob sa Kaniya ng Diyos bilang isang babaeng pinaglihing walang bahid-dungis, naging isang dakila sa mata ng Diyos bago pa ang lahat upang maging daan sa kaligtasan ng sansinukob sa pamamagitan ng pagiging Ina ng Diyos Anak at nang Siya ay naging masunurin sa kalooban ng Diyos Ama at piniling maging esposa ng Espiritu Santo, masusuri na si Birhen Maria bilang isang babae ay naging isang dakila sa lahat ng babae sa lahat dahil na rin napupuno siya ng grasya ng Diyos. Sa katangiang ito, naging imahen siya ng mga dapat tularan ng isang babaeng mananampalataya at isa sa mga naging salalayan ng pananampalatayang Kristiyano upang mas lalong umigting ang karakter ng isang dalagang Pilipina o Bikolana, sa tiyak na konteksto na ang isang masunurin at mahinhin ay isang dakila sa mata ng lipunan na minimithing makita ng isang ginagalawang pamayanan. Kung kaya, sa titulong, Birhen ng Lourdes napili ang isang babae upang maging sandigan upang maging ‘mukha’ ng paglulunsad ng isang pansibikong paglalathala ng turismo ng Iriga at maging instrumento ng isang matinding debosyon upang pag-alayan ng lahat ng mga kasaganaan at tagumpay ng lungsod. Kung gayon, mababatid na ang isang babae ay dakila sa paraan na idinidikta ng kaniyang patriarkang umiiral sa lipunan. Subalit, sa makabagong panahon masasabing isang paraan ito upang maipakita rin ng isang babae ang kaniyang kakayahan na umangat sa kontekstong ito at maging isang intrumento ng pag-angat ng kaniyang lipunang ginagalawan.

Pinagtitibay nito ang sinasabing Feminismo sa pagtalakay ni Batnag (2013) na ang isang babaeng tunay na dakila ay isang nilalang na umaangat sa patriarkang lipunan na nagdidikta ng kaniyang kakayahang dapat tularan. Ayon din sa kaniya, huwag lamang itong maabuso sa paraang nagagamit ang kadakilaang ito upang maging paraan ng pang-aabuso sa tunay na likas na katangian ng isang babae.

Kalagayan. Sa datos na ipinapakita, masusuri sa palaugnayang konsepto ng paglalakbay at tagumpay ang mga festival na Tumatarok at Ilaw sa Dagat sa pagsasaalang-alang ng awit na ginagamit sa pagsasagawa ng mga festival na ito.

Ang Tumatarok ay isang festival na ipinagdiriwang sa ikalawang distrito ng Camarines Sur sa lugar ng Minalabac. Sa kasalukuyan, isa itong festival na ipinatutungkol sa San Felipe at

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Santiago bilang itinuturing na mga patron ng Minalabac, Camarines Sur. Sa mga pabago-bagong mga petsa ng pagdiriwang ng Tumatarok Festival dahil na rin sa pagsasaalang-alang ng kasaysayan at ilang biblikal na impormasyon tungkol sa dalawang santo, napagkasunduang ipagdiwang ito sa Minalabac tuwing Mayo 3 na inugnay sa kafiestahan ng mga santong sina Felipe at Santiago at sa pagkakapangalan ng Pilipinas bilang unang pagdiriwang ng festival na ito sa bansa. Mula sa salitang-ugat na "tarok" na ang ibig sabihin ay pagtatanim, ito ay pinatutungkol nila sa pagdiriwang ng kasaganahan ng kanilang hanapbuhay sa larangan ng pagsasaka at maging isang pagdiriwang ng kanilang angking kakayahan ng mga taga-Minalabac sa pagtatanim. Sa historikal na aspekto, mababatid sa datos na ang pagdiriwang na ito ay isang paglunsad bilang paganong pag-aani ng palay dahil na rin sa pag-alaala sa mga ninunong tinatawag na, "Gugurang" na nangangasiwa ng pagtawag sa mga espiritung tinatawag na batalas na tagapagbantay sa lugar na itinuturing bilang unang patron ng Minalabac. Sa pagdiriwang nito, nagsasagawa ng isang fluvial procession sa ilog bilang simbolo ng pag-alaala ng pagsakop ng mga Espanyol sa lugar na naglalayong maipalaganap ang Kristiyanismo sa lugar. Masusuri sa lumabas na datos na nasa daluyan ng pansibikong pagdiriwang ang Tumatarok Festival na kahit ito ay pinatutungkol sa mahabang panahon sa mga Santong sina Felipe at Santiago, masasabing mas pinayabong na lamang ng Kristiyanismo ang pagdiriwang na ito kaya mahinuha sa pananaw na ito ay nag-ugat mula sa pananampalatayang Kristiyanismo. Isang malaking pagsasaalang-alang pa rin ang historikal na aspekto ng pagdiriwang na ito upang masuri ang kultura na mismong umiiral katulad ng pagdiriwang at pagpapatungkol sa mga espiritu man o patron upang magbigay pugay sa kasaganaang natatamasa sa isang pamayanan na ipinadaraan sa pamamagitan ng isang festival. Naging formal na lamang ang pagkakaroon ng isang matibay na salalayan, ang relihiyon upang maisakatuparan ang pagdiriwang ng Tumatarok Festival. Sa kabilang banda, hindi maikakaila na ang matagal na pananakop ng mga Espanyol ay isang salik na nakaapekto na ang pagdiriwang ng festival ng Minalabac ay isang festival na umiiral sa lipunan bilang isang makarelihiyong pagpugay at pag-alaala sa nagawa ng Kristiyanismo upang mas umunlad ang pagdiriwang na ito na hanggang ngayon ay midyum ng pasasalamat ng kakayahang kaloob na magtanim sa mga taga-Minalabac. Patunay na rito ang demograpikal na aspekto kung saan ang ilog ay pangunahing paraan ng kanilang pagpapahayag ng pasasalamat upang maipakita ang malaking bahagi ng pananampalatayang dulot ng pagsakop ng mga Espanyol na kinalaunan ay naging sentro ng pagdiriwang ng Tumatarok Festival.

Ang awit na kinakanta tuwing ipinagdiriwang ang Tumatarok festival na ipinagdiriwang sa Minalabac, Camarines Sur; ikalawang distrito. Batay sa inilalahad ng datos matapos ang masusing pag-unawa ng teskto mula sa transkripsyon na isinagawa ni Fabiana Ariola, tagapangala ng museo ng seminaryo, inilalahad sa apat na yugto ang nilalaman at estruktura ng awitin. Kung saan, sa unang berso ipinapakita ang mga papuring ibinibigay kina San Felipe at Santiago bilang patron ng pamayanan. Sa ikalawang yugto, nagpapakita naman ito ng pasasalamat at patuloy na pagsusumamo sa mga santong sina Felipe at Santiago na patron ng lugar tungkol sa proteksyon at pagpapala ng pamayanang Minalabac. Inilalahad din ng ikatlong yugto ang patuloy na pagpapala sa mga mamamayan ng Minalabac sa personal lalo na espritual na aspekto. At sa huling yugto,

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

mababatid ang pagsusumamo para naman sa iba't ibang sangay ng lipunan at mga bumubuo nito lalo na sa mga kawani ng pamahalaan. Sa kabuoan ng mga datos, ipinapakita ang isang relihiyong tema ng awitin na nananalig sa kalooban ng Diyos sa tulong ng pamamagitan ng patrong sina San Felipe at Santiago. Mahihinuha mula sa transkripsyon ng mga datos na ang awit ay napupuno ng papuri at pamimintakasi sa mga santo bilang tagapamagitan ng makalangit na biyaya sa Diyos. Malaki ang papel ng pananampalataya kung anoman ang kaunlaran at hinihingi pang mga biyaya para sa pamayanan ng Minalabac. Gayundin, mababatid din sa pagsusuri na ang pananampalataya ay midyum ng patuloy na pag-unlad ng isang lipunan lalo na sa aspekto ng pagkakakilanlan nito. Sa pagdiriwang ng Tumatarok festival, naipakikita ng awit ang kahalagahan ng kanilang malalim na pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ng dalawang patron ng Minalabac kung saan ang formalidad ng pagdiriwang ng festival na inilapat sa anyo ng relihiyon ay mas yumabong upang mahasa ang pagkakakilanlan nito na mula sa sinasabing mga paganong nilalang tungo sa mas tiyak na layunin ng pasasalamat at pagpugay. Dagdag pa rito, mababatid din ang pansibikong aspekto sa kahalagahan ng pamahalaan sa kanilang pamayanan. Marahil, hindi lamang impluwensya ng relihiyon ang nais masalamin sa pagdiriwang ng festival bagkus ang kohesyong pampamayanan na ninanais na patuloy na umiral habang umuunlad ang kanilang kultura bilang isang lugar. Masasabi rin na magkaagapay ang relihiyon at sibiko bilang tema ng pagdiriwang na nasalamin sa awit ng Tumatarok festival. Dagdag pa sa hinuhang ito, mababatid ang makahulugang tema ng kaugnayan ng pagsusumikap ng isang tao sa matinding pagsalig sa kalooban ng Diyos. Mababatid na ang paggawa ay mahalaga at pinakadiwa ng pagdiriwang ng Tumatarok festival kung saan pinakakaluluwa ng awiting ipinatutungkol sa pagpupugay sa Diyos sa pamamagitan ng mga santo at ang pagdiriwang ng kabuhayang taglay ng pamayanan. Mula rito, mahihinuhang sa kabila ng matinding impluwensya ng relihiyong hindi maikakaila na ang sariling pagsusumikap ng mga taga-Minalabac ay isang salik na pinag-ugatan ng paggunita ng bayan kung saan ipinagmamalaki rin sa pagdiriwang ng festival. Subalit dahil sa kinagisnang kultura ng bayan at pinag-ugatang pinagmulan ng bayan kung saan ito ay nababalot ng pananampalataya, malaking bahagi nito ang pagsunod at pagpapaubaya sa Kalooban ng Diyos sa anomang tinatahak ng bawat indibiduwal at sa mga planong makapamuhay ng masagana ng pamayanan. Sa malalim na pagtingin nitong pagsusuring ito, anomang gawain o pagsusumikap na ninanais o minimithi ng mananampalatayang Kristiyano ay naisasaalang-alang sa pangunahing pagpapasyang naayon sa nakatataas sa kaniya (tao) bilang isang nilalang.

Kaya naman, Sa konseptong ipinapakita ng Tumatarok festival kung ihahambing sa Ilaw sa Dagat festival bilang isang pagdiriwang sa kabila ng pagpapakita ng isang makarelihiyong kahulugan dahil sa matinding pananampalataya nito sa mga santong sina San Felipe, Santiago, at San Pascual, isang mahalagang bahagi nito ay ang pagsasagawa ng 'fluvial' procession sa pagdiriwang ng mga festival kung saan masusuri ang pagpapakita ng isang paglalakbay ng tungo sa isang makasaysayan at pansibikong aspekto ng pag-unlad. Kung saan, sa pagdiriwang ng Tumatarok festival mababatid ang isang makasaysayang paglalakbay na nagpapakita ng pagpapalit ng paniniwalang pagano tungo sa isang kongkretong paniniwala at pananampalataya. Ipinababatid din nito ang matagumpay na pananakop ng Kristiyanismo sa bayan ng Minalabac. Samantala,

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

binibigyang-diin ng pagsasagawa ng fluvial procession ang paglalakbay ng pagpapakilala at pagpapalaganap ng debosyon tungo sa isang matagumpay na pamumuhay ng bayan din ng Cabusao. Sa madaling pananalita, masusuri na ang pagpapakita ng paglalakbay at tagumpay sa magkaibang punto ng kaisipan. Ipinapakita rito ang gamit nito bilang panimula at kinahihinatnan ng mga aspekto. Kung saan, sa Tumatarok ay nasa panimulang paraan upang mabuhay ang pananampalatyayang Kristiyano samantalang sa Ilaw sa Dagat sa perspektibo ng pagbunyi gamit ang namanang pananampalataya at pagpapalaganap nito.

Ito ay naayon sa sinasabing kaisipan ni Padilla (2014) na ang paglalakbay at tagumpay ay isang pag-uugnay din sa kasaysayan na sinasabing “means and ends” ng isang aspekto ng pamumuhay ng lipunan maging sa buhay ng isang tao.

Patunay sa mga inilalahad na mga pagsusuri ng datos ay ang ang Grounded Theory ni Glaser (2013), ay isang pasaklaw na dulog sa pagsasagwa ng kuwalitatibong uri ng pananaliksik na makatutulong sa pagbuo ng teorya. Ayon sa teoryang ito hindi lamang yaong mga datos na nakuha mo sa pakikipanayam at obserbasyon ang dapat na gamitin sa komparatibong pagsusuri kundi maging yaong mga datos sa surveys at statistical analisis o anomang nakuha mong datos na may kaugnayan sa iyong pag-aaral. Inilalahad sa teoryang ito ang proseso upang makabuo ng panibagong teorya sa isinagawang pag-aaral. Sa isinasagawang pag-aaral, sinasabing ang teoryang ito ay magagamit tungo sa pagbuo ng isang matibay na sandigan ng pag-unawa ng konteksto ng pagsusuring kuwalitatibo ng mga malilipong mga awit at chant na iuugnay sa historical na kaligiran maging ang epekto nito sa personal na karanasan ng mga mamamayang nagsasagawa nito sa pamamagitan ng festival. Gayundin, ang mga kaisipang nakapaloob sa teoryang ito ay ginamit ng mananaliksik sa pagbuo ng mas mabisang pag-unawa ng uri ng panitikang nilipon para sa mas mabisang pagkakakilanlan ng mga tao sa Nueva Caceres. Kaya bilang pantuwang rito, ipinapakita ng pag-aaral nina Wilson et.al. (2016), ang festival ay nagkakaiba-iba sa katangiang taglay at lokasyon ng kaganapan kung kaya, nagbigay fokus ito sa ilang tema tulad ng karanasan ng pagdalo sa festival, ang ugnayan ng festival sa kapaligirang kinabibilangan nito, at ang ekonomiko at pansosyo-kultural na impak ng festival. Kaya naman, isang mahalagang tinalakay sa pag-aaral ang papel na ginagampanan ng festival sa kani-kanilang lokal na pamayanan sa aspekto ng pagbubunsod ng pagkakaisa sa pamayanan at panrehiyong pagkakakilanlan. Kasama sa pagtalakay ang pag-unlad ng festival ay mula sa malawak nitong ugnayan sa mga aspektong nabanggit. Gayundin, ang isinagawang pag-aaral nina Wilson et.al. (2016), ang festival ay nagkakaiba-iba sa katangiang taglay at lokasyon ng kaganapan kung kaya, nagbigay fokus ito sa ilang tema tulad ng karanasan ng pagdalo sa festival, ang ugnayan ng festival sa kapaligirang kinabibilangan nito, at ang ekonomiko at pansosyo-kultural na impak ng festival. Kaya naman, isang mahalagang tinalakay sa pag-aaral ang papel na ginagampanan ng festival sa kani-kanilang lokal na pamayanan sa aspekto ng pagbubunsod ng pagkakaisa sa pamayanan at panrehiyong pagkakakilanlan. Kasama sa pagtalakay ang pag-unlad ng festival ay mula sa malawak nitong ugnayan sa mga aspektong nabanggit. Dagdag pa ang pag-aaral na tinalakay ni Davis (2016), ang teorya ng Turismo ay nagmumungkahi ng mekanismo ng isang kritikal na pagbuo ng kapaligirang

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume 1, Issue 2, ISSN: 2782-893X

panturismo. Sa konteksto ng mga festival, ang kapaligiran ang siyang tagapagbuo nito o maaaring mabuo sa pamamagitan ng katangiang taglay ng isang festival. Isinaalang-alang din ang: a) lugar at pagkakakilanlan ng mekanismo sa pagbuo ng isang festival; at b) malalim na pagkilala ng pananaw ng mga nagsasagawa ng festival at karanasan mula rito. At ang nilalalayon ng pag-aaral nina Tanford at Jung (2017) tungkol sa festival ay ang meta-analysis ng festival literature at pagtataya ng mga salik na nakakapag-ambag sa festival satisfaction at loyalty. Isa sa mga kategorya ng katangian ng pag-aaral ay ang kapaligiran at ang pakikipag-ugnayan (socialization). At lumabas sa pag-aaral na ang itinatalagang programang ipinatutupad ay mahalaga kasabay ng awra ng pagsasagawa ng pagdiriwang. Dagdag pa nila, matindi ang ugnayan ng festival sa loyalty. Itinuturing na panitikan ang mga awit at chant. Kaya, bilang suporta sa mga interpretasyon at pagpapakahulugan ng mga datos, Batay sa pahayag ni Tiu, binanggit sa pag-aaral nina Pabis (2014), ang Literatura ay mabisang daan upang matukoy ang kultura at pagkakakilanlan ng isang tao. Itinuturing ni Aristotle ang Literature na hindi lamang salamin ng nakaraan o ng kasalukuyan kundi ito ay mahalagang kasangkapan upang mapag-isa ang tao at mapangalagaan ang kanilang sariling pagkakakilanlan. Isa rin ang ng Teoryang Literary Tradition ni Guitierrez (binanggit din sa pag-aaral ni Caballero, 2012), binibigyang- tuon dito ang kaugnayan ng panitikan sa kultura o tradisyon sa isang lugar. Mula sa pagkilala ng kaligiran ng lugar, masasalamin ang mayamang kinaugalian ng isang lugar na ginagamit na daluyan ay ang panitikang taglay nito. Sa pag-aaral na ito, mahalaga na magkaraoon ng saligan ng pag-unawa gamit ang kaligirang historikal at tala ng mayamang taglay na kultura ang pagkakabuo ng isang panitikan tulad ng awit at chant na maaaring sumalamin sa lugar na pinangyayarihan ng festival. Sa pamamagitan nito, mas mauunawaan nang may kalaliman ang pinag-uugatang tradisyon ng isang pamayanan o lugar. Gayundin ang katuturan naman ng Teoryang Sosyolohikal na tinalakay ni Dyanni (2014), ang perspektiba sa pagkikritika ng literatura sa pamamagitan ng pagbabakas sa mga nakapaloob na sosyal na konstekto. Binibigyang diin dito ang gamit ng literatura/ Panitikan sa pagkilala sa kaugalian ng lipunan, sapagkat sa panitikan masasalamin ang pag-uugali ng isang tao. Kung gayon, ang pag-unawa ng mga salik na maaaring maging daan sa mas mabisang pagdalumat ng mga nalikom na awit at chant sa konteksto, hindi lamang kultura, bagkus maging ang persepsyon at kaisipang dulot ng pagkakabuo nito na may kinalaman sa interaktibong pakikipag-ugnayan ng tao maging ng lipunang ginagalawan. At, sa isinagawang pag aaral naman ni Papachristophorou (2012) binigyan diin niya sa kanyang “Serbian Folk Narratives Concerning Fate, and their Turkish Parallets” na lumikha ng pag aaral tungkol sa larangan ng mga ritwal na ang magiging simula at tulay upang maisalin ang mga ito sa kasalukuyan. Ito ang bumuo sa pagbabago ng pananaw sa larangan ng lumalaking bilang ng mga disiplina at propesyong may saliksiking pag-unlad ng genre at kalagayan ng mga salindilang kwento sa lipunan mula sa tradisyonal na perspektibo patungo sa “Worldwide Web Global communication”.

Big Book: Isang Kagamitang Pampagkatuto Ng Lokal Na Awit At/O Chant Ng Mga Lokal Na Festival Ng Mga Distrito Sa Nueva Caceres

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Mula sa pagkilala ng mga kaligiran ng mga piling festival ng mga distrito ng Nueva Caceres at pagsusuri ng mga simbolismong nakapaloob sa awit at/o chant sa pagdiriwang nito gayundin ang paglalahat ng mga pananaw ng naging epekto ng mga awit at/o chant sa aspekto ng damdamin at pamumuhay, minabuti ng mananaliksik na maging awtput ng pananaliksik na ito ang isang kagamitang pampagkatuto. Ito ang magsasalaysay ng isang kuwento na maglalahat ng mga datos bilang daan ng pagkatuto ng wika gayundin ng panitikan sa aspekto ng lokalisasyon at kontekstuwalisasyon ng disiplinang Filipino bilang isang disiplina. Kunga kaya, isinagawa ang pagbuo ng Big Book bilang awtput. Ayon sa isinagawang panayam kay Dr. Renato L. Gavino (2020), ang big book ay isang kagamitang pampagkatuto na binubo ng maiikling salaysay at malikhaing mga grapikong representasyon ng isang salaysay na nakalilinang ng pag-unawa at nilalahukan ng isang masining na paglalapat ng salaysay.

Sa pagbuo nito, ginamit ng mananaliksik ang kaligirang pangkasaysayan ng festival at ang mga simbolong nakapaloob sa awit at/o chant na ginamit bilang bahagi ng masining na pagsasalaysay. At para naman sa balangkas ng kuwento, minabuting gamitin ang mga makatotohanang karanasan ng mga mamamayan na isinagawa gamit ang ginawang mga panayam. Nang sa gayon, ang datos na nakalap ay makabuluhan at makahulugan sa paglinang ng pag-unawa at pagkilala ng kultura gamit ang wika at panitikan. Nilahukan din ito ng kaakibat na mga gabay na tanong sa dulog na Direct Reading Activity (DRA) na magsisilbing tulay upang maging gabay sa pagtamo ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Sa pamamaraang ginawa ng mananaliksik sa pagbuo ng awtput na ito, minabuting mabatid ang pagsasaalang-alang ng katangian ng panitikan sa soysolohikal na dulog maging ang paggamit ng historikal na dulog ay isang mabisang pamamaraan upang maipabatid ang malaking bahagi nito sa pagpapahalagang pamapanitikan. Sa aspekto naman ng wika, ang pagsasalin nito sa dalawang wika, Bikol at Filipino maging ang paggamit ng arkitepong pagsusuri ay nagpapabatid ng kabisaan at kaangkupan sa gamit at kayarian.

## Kongklusyon

Batay sa malayuning pagpili ng mga festival mula sa Nueva Caceres sa tulong ng isang legal na batayan na binalangkas ng mga eksperto, masasabi na ang mga katangiang lumabas sa mga festival na pinili mula sa mga distrito ng Nueva Caceres, mahihinuha sa lumabas na pagsusuri na ang mga simbolismong ginamit ay kalimitang may kaugnayan sa kanilang matinding pananampalataya na nagbibigay-daan upang mabatid ang isang malalim na relasyon ng tao sa Diyos sa paraan ng pagpapasalamat at pananalig na nagbibigay ng pag-asa sa mananampalataya upang mabigyan ng kasagutan ang kanilang mga kahilingan lalo na pagdating sa kanilang panguhaning pangangailangan at hanapbuhay; Kung kaya, ipinapakita lamang ang isang semantikang kabalintunaan ng salitang dakila. Sa konteksto ng mga festival na ito, nagpapabatid na ang kadakilaan ay isang salita na maaaring maiugnay din sa kasarian ng babae sa gitna ng isang patriarkang konteksto ng lipunan kung saan natatamo hindi lamang sa paggawa ng malaking bagay

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Volume 1, Issue 2, ISSN: 2782-893X

kundi ng payak at mabubuting gawa na nagiging dakila sa mata ng dakilang Maylikha. sa tiyak na konteksto na ang isang masunurin at mahinhin ay isang dakila sa mata ng lipunan na minimithing makita ng isang ginagalawang pamayanan. Kung gayon, mababatid na ang isang babae ay dakila sa paraan na idinidikta ng kaniyang patriarkang umiiral sa lipunan. Kaya naman, Sa konseptong ipinapakita ng Tumatarok festival kung ihahambing sa Ilaw sa Dagat festival bilang isang pagdiriwang sa kabila ng pagpapakita ng isang makarelihiyong kahulugan dahil sa matinding pananampalataya nito sa mga santong sina San Felipe, Santiago, at San Pascual, isang mahalagang bahagi nito ay ang pagsasagawa ng 'fluvial' procession sa pagdiriwang ng mga festival kung saan maususuri ang pagpapakita ng isang paglalakbay ng tungo sa isang makasaysayan at pansibikong aspekto ng pag-unlad. Kung saan, sa pagdiriwang ng Tumatarok festival mababatid ang isang makasaysayang paglalakbay na nagpapakita ng pagpapalit ng paniniwalang pagano tungo sa isang kongkretong paniniwala at pananampalataya. Ipinababatid din nito ang matagumpay na pananakop ng Kristiyanismo sa bayan ng Minalabac. Samantala, binibigyang-diin ng pagsasagawa ng fluvial procession ang paglalakbay ng pagpapakilala at pagpapalaganap ng debosyon tungo sa isang matagumpay na pamumuhay ng bayan din ng Cabusao.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

## Mga Sanggunian

Erlinda T. Talic, Ang Ating Panitikang Filipino. (Manila: Trinitas Publishing, Inc. 2014)

Doods Santos," Haraya: An Papel kan mga Paratukdo sa Pagpapakusog kan Literatura kan Bikol." Retrieved September 22, 2014. http://www.Scribed.com/doc/508455177/haraya-albayartsmagazine-7th %20issue.

Robert Dyanni, Literature: Reading , Fiction, Poetry and Drama. ( USA: McGraw-Hill, 2000). Retrieved September 2014. http://www.ched.gov.ph/wp content/uploads/2013/07CMONo.59s1996.pdf.

Sehriban Bugday, " Grounded Theory designs in Qualitative Analisis." ( University of Victoria,2012). Retrieved October 2, 2018. http:www.slideshare.net/SehribanBugday/groundedtheory11487784.

Jacques P.Thiroux, and Keith W. Krasemann, Ethics;Theory and Practice., 11th ed. ( New Jersey: Pearson

Education, Inc., 2012). Retrieved October 19, 2015. http://testbankcafe.com.

Joyce D. Cobebe, "Pagsusuri sa mga Piling Kwentong Bayan ng mga Taga-Sagada." (Di-nalathalang Tesis, Saint Louis University, Baguio City, 2010).

Christian Pabia, "Salaysaying Bayan sa Piling Baranggay ng San Jose." (Di-nalathalang Undergraduate Tesis, Partido State University, Goa, Camarines Sur, 2013).

Erkan Yuce at Asli Ozlem Tarakcioglu, "Comparative Study of The Common Characteristics of National Heroes in Folk Tales; Koroglu, Kalenvipoeg and Daedalus." Retrieved September 23, 2014. http://www.tunceli.edu.tr/Bilder/arsiv/BGDI-1/9.pdf-A

Ma. Aurora G. Caballero, "Kaugnayan ng Pagtangkilik sa mga Literaturang Bundok Isarog sa Wika at Kultura ng mga Camarinense." (Di-nailathalang Disertasyon, University of Nueva Caceres, Naga City, 2012.

Cabli A. Asain, "Folk Literature of the Muslim Cultural Communities." Retrieved September 27, 2014. http;//www.ncca.gov.ph/aboutculture/andarts/articlesoncna/article.php?igm=4&=233.

Damiana L. Eugenio, "Philippines Folktales: An Introduction." University of of the Philippines, Diliman, Quezon City. Retrieved September 22, 2014. http://aboutPhilippines.ph/filter/toledocebu/FolktalesIntrouction.pdf-

Anonymous, "Ang Panitikan ng Cordillera Administrative Region." 2014. Retrived September 24, 2014.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

http://pinoyfolktales.blogspot.com/2012/12/ang panittikan ng codillera.html.

Anonymous, Sociology: Perspective, Theory, and Method. Instructor's Manual for Macionis Society: The Basics., 11th ed. (USA: Person Education, Inc., 2011).

Doris M. Vazquez, "Purto Rican Folktales." Retrieved September 24'

http://www.yale.edu/ynti/curriculum/units/1993/2/93.02.12x.html.

Eden K. Nasayo, Bikol Beliefs and Folkways: A Showcase of Tradition. (Legazpi City: Hablong Dawani Publishing House, 2010).

Dr. Dozent, "Serbian Folk Narratives Concerning Fate And their Turkish Parallels." Journal of Turkish World Studies,(2012); 453-462. Retrieved September 27, 2014.

http://tdid.ege.edu.tr/files/degri 12/NemanjaRADULOVIC.pd

Marilena Papachristophorou, "Folk Narrative Research in Contemporary Contexts: Some Aspects of Inherent Mutability." (University of Ioannina, Greece, 2012). Retrieved September 25, 2014. www.unigoettigen.de/...Folk%20Narrative%20Studies%20Today.doc

Ulo Valk, "Coping with State Control and Vernacular Creativity: Folk Narrative Research in Estonia in Retrospect." (University of Tartu, 2012).Retrieved September 25,2014.

www.unigoettingen.de/.../Folk%20Narrative%20studies%20Today.doc

Rolieta N. Mata at Roselyn T. Rufino,"Foklor Ng Ilang Baranngay Ng Lungsod Ng Ozamiz: Isang Panimulang Paglilikom." Retrieved September 20, 2014.

http://ISu.edu.ph/instructionalresearch office/publications/vol.15no.6/5.html.

John Folk-Williams, "6 Dimensions of Psychology Well-Being." 2015 Storied Mind. http://www.storiedmind.com/recovery/dimensyonspsychology-wellbeing/

Dr. Prashant Kumar Astalin .(2013). "Qualitative Research Designs: A Conceptual Framework. Published Research. Retrieved from https://pdfs.semanticscholar.org/baa7/c8f5577b0b1798b5e9f559f5cbae32bf1a36.pdf

Zhandro Paulo S. Tiaba. (2020). "Kalipay-an: Isang Remediation Session Package sa Paglinang ng Pagkatuto ng Wikang Filipino." Unpublished Master's Thesis. University of Nueva Caceres, Naga City.

Sarah Tanford, Ph.D. at Shinyung Jung, MS.MBA. February 5, 2017. Festival attributes and perceptions: A meta-analysis of relationships with satisfaction and loyalty. Retrieved from https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S0261517717300316

Juliette Wilson et. al. 15 February 2016.Expanding the Domain of Festival Research: A Review and Research Agenda

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved

Retrieved from https://onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/ijmr.12093

Christine M. Van Winkle at Jill N.H. Bueddefeld. 10 October 2016. Service-dominant logic and the festival experience. Retrieved from https://www.emerald.com/insight/content/doi/10.1108/IJEFM-12-2015-0046/full/html

Andrew Davis. 1 January 2016. Experiential places or places of experience? Place identity and place attachment as mechanisms for creating festival environment. Retrived from https://www.sciencedirect.com/science/article/abs/pii/S0261517716300061

Sehriban Bugday, " Grounded Theory designs in Qualitative Analisis." ( University of Victoria,2012). Retrieved October 2, 2018. http:www.slideshare.net/SehribanBugday/groundedtheory11487784.

Copyright © 2021 IJAMS, All right reserved